

DIAGNOSTIC TEST IN MAPEH V

Panuto: Basahing mabuti ang nilalaman ng bawat bilang. Isulat sa sagutang papel ang letra ng napiling sagot.

MUSIC

1. Alin sa mga sumusunod ang simbolo ng apating nota?
 - a. 
 - b. 
 - c. 
 - d. 
2. Ang rhythmic pattern na  simbolo sa time signature na
 - a. 3/4
 - b. 2/4
 - c. 4/4
 - d. 1/4
3. Paano nabubuo ang mga measure ng isang awitin?
 - a. Sa pamamagitan ng paglalagay ng barline at time signature
 - b. Sa pamamagitan ng paglalagay ng mga nota at pahinga
 - c. Sa pamamagitan ng paglalagay ng pahinga sa katabi ng nota
 - d. Sa pamamagitan ng paglalagay ng time signatures
4. Ano ang ibig sabihin ng rhythmic pattern?
 - a. Lahat ng bumubuo sa isang awitin
 - b. Mga kilos na maaaring ilipat sa isang awitin
 - c. Ang pinagsama-samang mga nota at pahinga na binuo ayon sa nakasaad na time signature
 - d. Lahat ng uri ng tunog na maririnig sa pagkanta
5. Ano ang tawag sa simbolong nakikita ninyo? 
 - a. G clef
 - b. C clef
 - c. Grand Staff
 - d. F clef
6. Ang simbolong sharp (#) ay ginagamit upang _____ ng kalahating tono ang isang natural na nota.
 - a. Mapataas
 - b. mapanatili
 - c. mapababa
 - d. mapantay
7. Ano ang ibig sabihin ng interval?
 - a. Ang pagitan ng dalawang nota
 - b. Layo ng mga barlines
 - c. dami ng nota sa pahinga
 - d. ang uri ng kumpas
8. Ano ang katangian ng tinig ng mga babaeng alto?
 - a. Magaan
 - b. manipis
 - c. mataas
 - d. makapal
9. _____ ay boses ng lalaki na magaan at kung minsang manipis at matili ang timbre kaya nakaaabot ng mataas na antas?
 - a. Alto
 - b. soprano
 - c. tenor
 - d. baho
10. Ano ang tempo?
 - a. Tumutukoy sa taas o baba ng pagkanta
 - b. Tumutukoy sa lakas ng pagkanta o pagtugtog
 - c. Tumutukoy sa bilis o dalang ng daloy o glawa ng ritmo at melodiyang isang awit o tugtog
 - d. Tumutukoy sa hina ng pag-awit at pagtugtog ng mga instrument
11. Ang notes ay maaaring pagsama-samahin at sabay-sabay na patugtugin. Ano ang tawag kung ito ay binubuo ng tatlong pares?
 - a. Tonic
 - b. Triad
 - c. Sub-dominant
 - d. Dominant
12. Saan maaaring ilagay ang harmonic third?
 - a. Maaaring ilagay sa ibaba o itaas ng original note
 - b. Maaring ilagay pantay ng original note
 - c. Maaaring ilagay kahit saan
 - d. Ito ay hindi maaaring ilipat
13. Alina ng hindi kabilang sa rondalya?
 - a. Bandurya
 - b. laud
 - c. gitara
 - d. bass drum

SINING

14. Ano ang opisyal na lagayan ng mga pamana ng ating lahi?
 - a. Tahanan ni Emilio Aguinaldo
 - b. Mosque
 - c. National Museum
 - d. Manila Cathedral
15. Ang manunggal jar ay palayok na hugis tao na ginagamit sa _____.
 - a. Pagtatago ng mga malalaking prutas at gulay
 - b. Pag-iimbak ng mamahaling alak
 - c. Paglilibing ng mga tao
 - d. Pagpepreserba ng mga karne

16. Kristal, aboloryo at pulseras at kasangkapang metal ang produkto ng mg alndia na kapalit ng mga proodukto ng ating mga ninuno. Ano ang tawag sa pakikipagpalitan ng kalakalan?
 - a. Import
 - b. Export
 - c. Barter
 - d. Trade-In
17. Paano mo maipakita ang ilusyon sa lalim at layo ang mga bagay na may tatlong sukat o 3-dimensional?
 - a. Sa pamamagitan ng paglililok
 - b. Sa pamamagitan ng pagguhit gamit ng cross hatching o shading techniques
 - c. Sa pamamagitan ng pagsketching
 - d. Sa pamamagitan ng pagkuha ng larawan gamit ang digicam
18. Ang _____ ay magkasalungat na kulay na matatagpuan sa color wheel.
 - a. Tertiary Colors
 - b. Primary Colors
 - c. Secondary Colors
 - d. Complementary Colors
19. Ito ay proseso at produktonng pagplano, pagdisenyo at pagtayo ng mga gusali at iba pang pisikal na istruktura.
 - a. Pagguhit
 - b. Iskultura
 - c. Arkitektura
 - d. Myural
20. Ang _____ ay isa sa mga gawaing pansining na magagawa sa pamamagitan ng pag-iwan ng bakas ng isang kinulayang bagay.
 - a. Paglilimbag
 - b. Pagpipinta
 - c. Pag-uukit
 - d. Paglililok
21. Ang _____ ay isang gawang sining na nagmula sa bansang Inglatera na ginagawang libangan ng mga kababaihan kung saan tinutuhog ito upang gawing palamuti o kurtina na inilalagay sa bintana.
 - a. Origami
 - b. Paper mache
 - c. Taka
 - d. Paper Beads
22. Ang _____ ay salitang Pranses na ang ibig sabihin ay "Ninguyang Papel" na gawa mula sa piraso ng papel o durog na papel na idinikit sa pamamagitan ng glue, starch at pandikit.
 - a. Origami
 - b. paper mache
 - c. myural
 - d. Paper Beads
23. Ano ang tungkol sa mito o mitolohiya?
 - a. Ito ay kuwento ng pinagmulan ng isang bagay.
 - b. Ito ay kuwento ng kababalaghan
 - c. Ito ay kuwento na ang gumaganap ay mga hayop
 - d. Ito ay kuwento na binubuo ng isang particular na tao, relihiyon o paniniwala
24. Sa pamamagitan ng pagpinta ng magagandang tanawin maipapakita natin at maipagmamalaki
 - a. Kalikasang gawa ng tao
 - b. Imported na mga kagamitan
 - c. Natural na likas na ganda ng ating bansa
 - d. Mga tanawin sa ibang bansa
25. Ano ang myural?
 - a. Isang sining ng pagpinta sa mga pader
 - b. Isang sining ng pag-imprenta ng disenyo gamit ang mga prutas
 - c. Isang sining ng pagpagbabakat ng disenyo
 - d. Isang sining ng pag-uukit ng 3 dimensional na disenyo

PHYSICAL EDUCATION

26. Sa larong syato nahahasa ang mga kakayahang ito, maliban sa isa. Alin ito?
 - a. Pagpalo
 - b. Pagsalo
 - c. Pagtakbo
 - d. Pagyuko



27. Ano ang tawag sa larong Pinoy na ito?
 - a. Prisoner
 - b. Luksong Tinik
 - c. Syato
 - d. Tumbang Preso
28. Ito ay isang larong Pinoy na hango sa Amerikanong laro na Dodgeball.
 - a. Batuhang Bola
 - b. Agawang Buko
 - c. Jolens
 - d. Football
29. Ang paglinang ng _____ ay mahalaga sa Gawain tulad ng pagtalon ng mataas, pagpapagulong, pagsipa at paghagis sa bola.
 - a. Speed
 - b. agility
 - c. power
 - d. stamina
30. Ito ay isang larong pinoy na hango sa larong baseball at softball na sa halip na paluin ang bola ay sinisipa ito ng malakas at malayo.
 - a. Batuhang bola
 - b. Agawang Buko
 - c. Kickball
 - d. Dodgeball
31. Ito ay ang kakayahang makapagpalabas ng lakas nang mabilisan base sa kombinasyon ng lakas at bilis ng kilos.
 - a. Speed
 - b. agility
 - c. power
 - d. stamina
32. Ito ay isang larong Pinoy kung saan ang isang taya ay may binabantayang lata na nasa loob ng isang bilog.
 - a. Sungka
 - b. Tumbang Preso
 - c. Syato
 - d. Agawan Base

33. Ito ay ang kakayahang makagawa ng pangmatagalang Gawain na gumagamit ng malakihang galaw sa katamtaman hanggang sa mataas na antas ng kahirapan.
- Speed
 - Agility
 - cardiovascular endurance
 - fatigue resistance
34. Isang pagsubok ng Physical Fitness Test kung saan inuunat ang kamay sa abot ng makakaya ng iyong kalamnan sa pata, binti at likod.
- Ruler Drop test
 - Sit and Reach
 - Standing Long Jump
 - Juggling
35. Sa pagsubok na ito ng Physical Fitness Test nasusukat ang koordinasyon ng mata at mga kamay.
- Ruler Drop test
 - Sit and Reach
 - Standing Long Jump
 - Juggling
36. Isang pagsubok ng physical fitness test na sumusukat sa cardiovascular endurance.
- Push-up
 - 3-Minute Step Test
 - Stork Stand Test
 - 40m Sprint
37. Isang Pagsubok ng Physical Fitness Test na sumusubok sa pagbalanse gamit ang isang paa lamang.
- Push-up
 - 3-Minute Step Test
 - Stork Stand Test
 - 40m Sprint
38. Ano ang sinusubok ng 40 m Sprint Test?
- Balance
 - Speed
 - Cardiovascular Strength
 - Muscular Strength

HEALTH

39. Ito ay nagpapahiwatig ng matinding self-consciousness at takot na nagdudulot ng pagkamahiyain ng isang bata.
- Mood swings
 - Harrasment
 - Social Anxiety
 - Bullying
40. Ito ay ang pang-aasar o panloloko na humahantong sa pagsasakitan.
- Mood swings
 - Harrasment
 - Social Anxiety
 - Bullying
41. Ito ay ang paggwa ng hindi kaaya-ayang Gawain sa ibang tao sa pamamagitan ng pamimilit o paggamit ng dahas.
- Mood swings
 - Harrasment
 - Social Anxiety
 - Bullying
42. Ito ay an gating abilidad na makapagsaya sa ating buhay at malampasan ang mga pasanin ng pang-araw-araw na pamumuhay.
- Kalusugang Pangkaisipan
 - Kalusugang Pangkatawan
 - Kalusugang PangEmosyonal
 - kalusugang Sosyal
43. Ito ay tumutukoy sa mabuting pakikisama sa kapwa.
- Kalusugang Pangkaisipan
 - Kalusugang Pangkatawan
 - Kalusugang PangEmosyonal
 - kalusugang Sosyal
- 44-47. Lagyan ng Tsek (/) ang patlang kung ang mga sumusunod na kasangkapan o bagay ay nakatatutulong upang maging malusog ang ating isipan, damdamin at kalusugang sosyal.

44. _____



45. _____



46. _____



47. _____



48-50. Iguhit ang masayang mukha kung ang mga sumusunod na pahayag ay nakakaapekto sa kalusugan ng tao at kanyang pagkatao.

- _____ May positibong pananaw sa buhay
- _____ May respeto sa nararamdaman ng iba.

50. _____ may saradong puso at isipan